

Prologue



The car screeched to a halt scant inches from her. Malas lang dahil hindi kasing-bilis ng sa driver nito ang reflexes niya. Sa halip na sa kanan ay nakabig ni Dottie sa kaliwa ang manibela ng kanyang motorsiklo. Hindi rin niya kaagad napisil ang brake. Basag ang isang headlight ng kotse.

“What the f*ck?” Hindi na nakaiwas si Dottie sa galit na driver ng kotse. Kaagad siyang nilapitan nito. Her mouth gaped open and she took an instinctive step back.

The giant-of-a-bear, red-faced, pissed-as-a-bull stranger was the most striking man she had ever seen. He must be over six feet tall with wide shoulders, broad chest and lean biceps. He had the most compelling features—midnight black hair almost reaching the base of his nape framed his finely chiseled face, deep-set eyes now narrowed into slits, a straight nose and wide, thin lips... His bearded jaw and the harsh lines of his face gave him a menacing look. In her opinion, there wasn’t a soft spot on the guy. He also had a mean temper.

“Kung gusto mong magpakamatay, d’un ka tumawid sa riles na may rumaragasang tren!” he continued to goad her. He also gave her a not-

so-gentle shove on the shoulder. Kung hindi niya kaagad naibalanse ang sarili ay baka bumagsak siya una puwit sa semento.

“Aray!” Hinubad ni Dottie ang helmet.

“Sumosobra ka na, ha!”

The man took a step back. “You’re a woman?”

“Obviously, I am.”

His glare turned even more hostile. He looked like he wanted to throttle her.

“Woman or not, your reckless behavior broke one of my headlights!”

“Nag-aalala ka sa headlights mo, eh, ako itong muntik nang masaktan?”

“And whose fault was it? Nasa main road ako. Ikaw ang dapat nagmenor bago ka tumawid.” She couldn’t argue with that. Her lips pouted in irritation. Napasulyap doon ang lalaki at lalo pang naningkit ang mga mata nito sa iritasyon. “You know what?” He waved his hands in exasperation. “Just forget about it. Just... just get the hell out of my way!” he bellowed.

Bumalik ito sa loob ng kotse. Diniinan nito ang busina at hindi tumigil hangga’t hindi siya umaalis sa gitna ng daan. Itinabi ni Dottie ang motorsiklo. The car sped past leaving a trail of smoke. She was left trembling from the aftermath. She was seething with anger. Ang konsolasyon lang niya ay hindi na niya makikita ang lalaking iyon.

Fate, as always, has a different plan.



Chapter One



“You look like hell,” puna ni Jeffrey. Benjamin Almanzar snorted. “Well, at least, you’re back to the land of the living. It’s been three years.”

Hindi niya kailangan ng reminders.

“I’m sorry I missed your wedding,” pag-iiba niya ng usapan. Hindi na niya sinabi sa matalik na kaibigan na hindi niya talaga binalak na dumalo. Inabutan siya ni Jeff ng isang kopita na may lamang whiskey bago umupo sa mahabang sofa. Kauuwi lang niya galing London. Nagpalipas muna siya ng isang araw bago dalawin ang kaibigan.

“Hindi mo ba itatanong kung kumusta ang married life ko?” ani Jeff. Nagkibit-balikat siya.

“I don’t need to. Alam ko na naman ang isasagot mo. Your life’s blissful, you’re happy... blah, blah, blah,” sarkastiko niyang sagot.

Tumawa ito at umiling. “You’re one sorry son of a bitch,” he said matter-of-factly. Benjamin should be offended. Pero alam niyang hindi intensyon ng kaibigan na insultuhin siya. Besides, in a way, Jeff was right. His mother was truly a bitch. So was his late wife.

“You haven’t met my wife yet. She’s different, Ben.”

Pinigil niya ang umungol. “Then I’m happy for you.” *And I hope your happiness lasts.*

Pumalatak ang kanyang kausap, hitsurang hindi kumbinsido. “She really burned you, didn’t she?”

Hindi na niya kailangang itanong kung sino ang tinukoy nito. Batid ng kaibigan ang lahat ng nangyari sa kanya. He was one of the few close friends who stayed by his side throughout the grueling ordeal. “I don’t want to talk about it.”

“You have to come to terms with what happened sooner or later, Ben. Don’t you think it’s time for you to move on?”

He sighed. It’s pointless to argue with his friend. Hindi nito naranasan ang dinanas niya. Oo nga’t alam nito ang nangyari. Pero wala itong idea sa bigat ng naramdaman niya. Even after three years, Benjamin could still taste the bile of betrayal, feel the heart-wrenching pain and hear the insolent laughter. It’s as if it happened only yesterday.

“Ano’ng plano mo ngayon?” tanong ni Jeff.

“Plano kong tingnan ’yung ancestral house na ipinamana sa akin ni Lolo Arnaldo. ’Yung lumang bahay sa Tiaong.”

“Limang taon nang patay ang lolo mo, di ba? Ibig lang sabihin, limang taon nang abandonado ang bahay. Doon mo ba balak tumira?”

“Maybe,” kaswal niyang sagot.

“From one hermit cave to another,” patuyang

komento nito.

“I’m open to friendly visits,” tukso niya. Jeff snorted.

“What you need is to get out and mingle. Malay mo, may makilala kang—”

“Don’t start, Jeff.”

“Hey, I’m only suggesting. Paano ka makakalimot kung patuloy mong ikukulong ang sarili mo? Hell, hindi ako makapaniwalang nakaya mong maging celibate sa loob ng tatlong taon.”

Tumawa siya at pabirong sinuntok ang kaibigan sa braso. “Gago ka talaga! Sino ang nagsabing celibate ako?”

Tinaasan siya nito ng kilay.

“Arrogant bastard,” Jeff muttered. “Well, at least, you’re back. It’s a start,” seryosong sabi nito na tinapik pa siya sa balikat.

He let out a heavy sigh and gulped the remaining whiskey.

“Nasaan nga pala ang asawa mo?”

“She’s staying with Tito Simeon. Naikuwento ko sa ’yo sa email, di ba? Inakala ni Tito Simeon na si Tamara ang nawawala niyang heredera. Naging malapit sila sa isa’t isa kahit napatunayang hindi sila magkadugo. Mas overprotective pa nga si Tito sa asawa ko kaysa akin, lalo na ngayon.” Pilyo ang ngiting gumuhit sa mga labi ni Jeff. Benjamin frowned. “You’ll be a godfather seven months from

now.”

He could see the twinkle of delight in the other man’s eyes. His face radiated with pride and for the first time, Benjamin really felt happy for his friend. The few seconds he allowed himself to be vulnerable, he was struck by envy—a deep yearning for what Jeff has which he could never experience.

He shook his head to dispel the crushing jealousy. Some things were never meant for him.

Tinapik niya ang kaibigan sa balikat.

“Congratulations, Pare.” Tinaasan siya nito ng kilay.

“Hey, I mean it. I’m really happy for you.”

“Thank you. Just so you know, I’m not giving up on you.” Umungol siya. “S’abi nga ni Tito Simeon, love comes knocking when you least expect it, my friend.”

Umiling si Benjamin. “Not on my door.”

Jeff just grinned.



“Nasisiraan ka na ba ng bait? Isusugal mo ang career mo at posibleng ang buhay mo para sa mga batang hindi mo naman kaanu-ano?”

Umikot ang mga mata ni Dorothea ‘Dottie’ Evangelista habang nakikinig sa litanya ng kaibigang si Marie.

“Una, wala akong career na isasakripisyo dahil ilang buwan na akong walang trabaho. Kung may sumagot man d’un sa applications ko, malamang

sa susunod na school year na ako magsimula dahil nasa last quarter na ng school year ngayon.”

Graduate siya ng Bachelor of Elementary Education. Isang taon na mula nang pumasa siya sa licensure exam. Pero bukod sa temporary teaching position sa isang public school sa Quezon City na tumagal lang nang limang buwan, wala na siyang natanggap na offer. Walang sumasagot sa mga applications ni Dottie. So technically, she has no career.

“Pangalawa, alam mong hindi ko matitiis ang mga batang ’yun.”

Marie’s lips curled.

“May kakaiba talagang nangyayari sa bahay na ’yun,” tukoy niya sa foster home na dalawang bloke lang ang layo sa inuupahan niyang apartment. Dati ay ang mag-asawang Reynaldo ang namamahala roon. Pero noong isang buwan lang ay lumipat na ang mag-asawa sa Davao. Ang pinsan ni Mrs. Reynaldo at ang asawa nito ang namamahala ngayon ng foster home.

“Biruin mo, mula nang maging licensed foster parents ang mag-asawang Reynaldo, pinayagan nila akong i-tutor ang mga bata every weekend. Pero nang pumalit ’yung pinsan ni Ma’am Racquel, ni hindi na ako makapasok sa loob ng bahay.”

“Natural, iba na ang namamahala. At saka hindi ka naman nila kilala,” anang kausap niya.

“That’s just it. Licensed ba sila? At saka napansin ko lang, umaalis ang mag-asawa tuwing weekends kasama ’yung mga bata.”

“Malay mo kung ipinapasyal ng mag-asawa ’yung mga bata? Hindi naman siguro labag sa batas ’yun.”

Namaywang siya sa harap ng kaibigan. “Mula alas siete hanggang alas diez ng gabi? From sunrise to sunset? Ano ’yun, nagbibilang din sila ng bituin bago umuwi?”

“Dottie...” Marie let out an exasperated sigh. “Ano ba ang pakialam mo kung ano’ng ginagawa nila sa mga oras na ’yun?”

“Pero ang weird lang, di ba?”

Ikinumpas nito ang dalawang kamay sa hangin. “Hay naku! Lilitanyahan mo na naman ako ng mga conspiracy theories mo. Nasobrahan ka na naman ng basa ng mga suspense novels. Dapat talaga, tinanggap mo na ’yung ino-offer na trabaho ni Mrs. P.”

“Alin, ’yung maging tintera sa Divi? Excuse me!” Tinaasan niya ng kilay ang kaibigan. Di pa nakontento, pinagkrus ni Dottie ang dalawang braso sa dibdib. “Hindi naman sa minamaliit ko ang trabahong ’yun. Pero hindi ako nagsikap makatapos ng college para lang maging tintera.”

“Aba’t talagang choosy ka pa. Eh, kesa naman ganyan ka. Di mo ba napapansin, hinahangin ang

utak mo pag wala kang trabaho?”

“May online job naman ako. Hindi ako nakatunganga lang dito sa bahay.”

“Pero hindi regular ang income mo. At saka kung minsan sakto lang na pambayad sa upa dito sa apartment at sa mga bills mo. Iba pa rin ’yung may inaasahan ka every month.”

Pumadyak siyang parang bata. “Ah, basta!”

“Okay, fine! Maghintay ka kung kelan ka tawagan n’ung mga eskuwelahang in-apply-an mo. Pero p’wede ba, huwag mo nang dagdagan ang problema mo? Huwag mo nang pakialaman ’yung mga bata. Kung gusto mo talagang makatulong, mag-report ka na lang sa mga pulis o kaya sa *DSWD*. Di ba sila ang namamahala sa mga batang ulila?”

Nanulis ang nguso ni Dottie. “Ginawa ko na. Wala namang pumansin sa akin.”

Noong isang araw lang ay nagpunta siya sa kapitan ng kanilang barangay. Pero tinawanan lang siya nito. Sunod siyang pumunta sa opisina ng *DSWD* sa kanilang lugar. Wala naman daw kahina-hinala sa kilos ng bagong foster parents. Siya pa ang napagalitan ng social worker dahil pinagbintangan niya ang isang highly recommended and well-respected couple. Hindi na siya nagpunta sa mga pulis dahil baka siya pa ang madamanda.

“Eh, paano ka ngang papansinin? Puro naman hinala lang ’yang sa iyo. Sa dami ng problema nila, hindi sila mag-aaksaya ng oras na mag-imbestiga base sa kutob lang.”

She didn’t expect Marie to understand. Hindi naman ito lumaking katulad niya na isang ulila. Lalong hindi ito nakaranas ng pagmamaltrato.

Hindi na lamang sinabi ni Dottie sa kaibigan, pero gagawa siya ng sarili niyang imbestigasyon. At kapag napatunayan niyang nasa panganib nga ang mga bata, come hell or high water, she would rescue them.

Kailangan niyang magplano. If only she could talk to one of the kids.

Mukhang may divine being na nakarinig sa kanya, dahil dalawang araw ang nakalipas nang makita niyang nasa bakuran ng bahay ang isa sa mga batang inaalagaan sa foster home.

Lumapit si Dottie sa hanggang dibdib na iron gate. “Hello.”

Tumigil sa pagwawalis ang bata.

“Huwag kang matakot. Ako si Dottie. Isa akong kaibigan.”

Hindi pa rin ito kumilos. Panay ang lingon nito sa bahay.

“Ano’ng pangalan mo?”

Tumitig lang sa kanya ang bata na hindi isa sa na-tutor-an niya noon.

God, she didn't look like someone enjoying her stay.

Payat ito, oversized ang suot na t-shirt, maputla at nangingitim ang paligid ng mga mata. At hindi niya nakita rito ang vibrancy na karaniwan sa isang batang nasa edad nito.

“May magagalit ba kapag nakipag-usap ka sa akin?”

Alanganin itong tumango at pasimpleng sumulyap sa bahay. On cue, bumukas ang front door at lumabas ang isang babae. Naningkit kaagad ang mga mata nito nang makitang nakatayo lang sa gitna ng lawn ang bata. Nag-isang linya ang bibig nito nang makitang nakasilip siya sa gate. Pero sandali lang iyon. Sa isang pitik ay gumuhit ang matamis na ngiti sa labi nito.

“Victoria,” came the soft but firm voice. Sinulyapan niya ang bata. Her eyes went wide with fear and her face went another shade paler. The girl's chin started to wobble when she sneaked a glance at her. “Pumasok ka na sa loob.”

Para itong si *Road Runner* na tumakbo papasok sa bahay.

“Ano'ng kailangan mo?” tanong ng babae sa kanya. Although the woman was still smiling, Dottie didn't trust the gleam in her eyes.

“Uhm... ako po si Dottie, 'yung dating tutor ng mga bata.”

“Wala na dito ang mga batang tinuruan mo.”

“Alam ko po. I... I was hoping na p’wede uli akong magturo sa mga alaga n’yo. Tuwing weekends lang naman.” She crossed her fingers behind her.

“Galing ka na dito noon, di ba? Nakausap mo na ang asawa ko at hindi siya pumayag.”

“K-kaya nga po nagbakasakali ako uli. Wala naman po akong trabaho ngayon at—”

“Wala kaming ibabayad sa iyo.”

Umiling ang dalaga at ikinumpas ang dalawang kamay. “Naku, hindi n’yo ako kailangang bayaran. Volunteer tutor po ako noon. Gusto ko pong mag-volunteer uli ngayon.”

Kanina pa siya nakatayo sa ilalim ng init ng araw, sa kabila ng gate na hindi man lamang binuksan ng kanyang kausap.

“P’wede po bang makituloy sa loob? Ang init—”

“Hindi!”

“Ho?”

“Hindi kita p’wedeng papasukin. Pasensya na pero nag-iingat lang ako. Sa panahon ngayon, mahirap nang magtiwala sa estranghero. Responsibilidad ko ang mga bata. Ako ang sisisihin kapag may nangyari sa kanila.”

“Pero—”

“Hayaan mo’t babanggitin ko uli sa asawa ko ang alok mo.”

Umawang ang bibig niya nang bigla itong tumalikod.

“Diyan lang po ako nakatira sa kabilang kanto.”

Ikinaway lang nito ang isang kamay at di man lang siya nilingon.

“P’wede po ako kahit anong araw!” hiyaw niya.

Binuksan nito ang front door at isinara. Parang narinig pa niya ang pagsara ng double deadbolt at chain lock.

Dottie exhaled loudly. Sapat na ang na-experience niya para matiyak na tama ang kutob niyang may itinatago ang mag-asawa. Now she needed some concrete proof.



Chapter Two



Sabado ng umaga. Maaga pa lamang ay nakaabang na si Dottie sa eskinita malapit sa bahay ng mga Reynaldo. Tanaw niya mula roon ang gate ng bahay. Sa kanyang tabi ay ang segunda-manong motorbike. Nakasabit sa manibela ang itim na helmet. She came in a complete biker's disguise—jeans, tank top, rubber shoes—dahil wala na siyang budget para sa biker's boots—and a women's black leather jacket one size larger than her built. Add in the helmet and no one would suspect who she was. Anonymity was very important in a surveillance job.

Tiningnan niya ang oras sa cellphone. Isang minuto na lang at alas siete na ng umaga. Tama ang obserbasyon niya. Bumukas ang gate at umabante ang nguso ng moss green *Hi-Ace* van. Naghintay siya nang ilang segundo bago iyon sundan. Tanda naman niya ang license plate ng van.

Makaraan ang kalahating oras, pumasok ang van sa compound ng isang di-kalakihang textile factory—ayon sa signage sa gate ng compound. Nilagpasan niya iyon at umikot sa kabilang kanto para hindi siya mahalata ng driver. Bumalik siya sa vicinity ng factory makaraan ang sampung minuto.

Isang dilapidated warehouse ang nasa tabi ng factory. Sira na ang gate ng compound at mukhang abandonado. Ipinasok doon ng dalaga ang motorbike at inihimpil sa isang sulok na hindi pansinin ng mga nagdaraan. She treaded down the side of the warehouse running parallel to the factory's fence. Hanggang hita na niya ang mga talahib at may isang instance na sumalit sa isip niyang baka may gumagapang nang ahas sa kanyang paanan. The urge to run back was overruled by her curiosity to find out what the children were doing inside.

She reached the end of the concrete fence bordering the factory. Ilang pulgada lang ang layo ng bakod sa rear wall ng gusali. There was a line of small windows almost reaching the roof. Kung makakasampa siya sa bakod, makakasilip siya sa bintana. May isang puno ng talisay na ang isang sanga ay pumatong na sa bakod.

“Yes!” She pumped her fist in the air. Bumulong ng isang dasal si Dottie na sana ay hindi bumigay ang kaliwang binti niya. She started climbing until she reached the branch. Halos kalahating talampakan ang lapad ng bakod, kaya hindi siya nahirapang i-maintain ang kanyang balanse. She peeked inside one window and gasped at what she saw.

Naroon sa loob ng factory ang apat na bata at

sampung iba pa, lahat ay mga menor de edad. It wasn't a textile factory like she first thought. It was a toy factory. Nagkalat ang mga teddy bear stuffed toys sa mga mesa. Nakaupo ang mga bata sa mahabang benches, ang iba ay nananahi at ang iba naman ay... bakit tinatastas ng ibang bata ang tahi sa likuran ng mga teddy bears?

She squinted and leaned closer to the window for a better view. Nakita niya ang batang nakausap niya sa bakuran ng mga Reynaldo. Hinugot nito ang isang maliit na pakete mula sa stuffings ng manika. Nakabalot iyon sa makintab na papel, parang aluminum foil. Inobserbahan niya ang buong proseso. Ganoon din ang ginagawa ng ibang bata, maliban doon sa tatlong nananahi at doon sa tatlo pang nagtatastas.

Dalawang pahabang mesa ang okupado ng mga bata. Sa dulo ng ikalawang mesa ay isang box kung saan naipon ang mga paketeng tinanggal sa loob ng mga teddy bears. Naka-pack sa maliliit na plastics ang puting powder.

Bumilis ang pulso ni Dottie. Hindi kaya...?

My God! It wouldn't take a genius to figure it out.

No wonder the couple was so secretive and suspicious. They're running an illegal drugs distribution den. At ang mga ito ay gumagamit ng mga bata as laborers. No wonder the children

looked pale and exhausted.

Kinuha ng dalaga ang cellphone sa inner breast pocket ng kanyang jacket. Mabuti na lang at nag-sale noong nakaraang Pasko ang *Polaris Nebula*, ang *Android* phone na matagal na niyang gustong bilhin. May kasama iyong telephoto lens na tamang-tama para sa malayuang kuha. Matapos i-disable ang flash ay itinutok niya ang camera sa loob ng factory. Nang makontentong sapat na ang nakuha niyang ebidensya ay saka pa lamang siya bumaba.

Her pulse was beating wildly when she went back to her motorcycle. Eratiko pa rin ang tibok ng kanyang puso hanggang sa makarating siya ng bahay. Hindi pa man nakakapagbihis ay kinuha na niya ang kanyang laptop. Hindi siya nag-aksaya ng oras.



Kung paanong lumikha ng ingay ang sunud-sunod na pagkabasag ng mga plato, nakabibingi naman ang katahimikang sumunod. Nabitin sa ere ang kutsilyong gamit ni Aina sa paggagayat ng gulay. Nahinto sa paglalampaso at pagwawalis ang kambal.

Parang nasa suspended animation ang apat na nasa kusina. Tumagal iyon nang may sampung segundo. When they heard footsteps coming down the stairs, as if on cue, sabay na nagsikilos ang

lahat.

Nagmadali si Aina na iligpit ang nabasag na plato.

Tori's lips quivered and she started to sob.

The twins ran to intercept the woman. Narinig niyang kung anu-ano ang sinasabi ng dalawa para ilihis ang atensyon ni Maricar sa narinig na ingay sa kusina.

“Sorry,” hikbi ni Tori. The five-year-old girl was shaking with fear.

Mabilis na itinapon ni Aina ang basag na plato sa basurahan. Makikita pa rin iyon ni Maricar. But still, she would have ample time to save Tori.

She heard a mocking laugh somewhere.

She couldn't even save herself. Paano niya ililigtas ang bata?

She let out a long tiring sigh.

Nauna lang siya nang isang linggo sa tatlong bata. Galing na siya sa ibang foster home bago siya inilipat dito. Ang tatlong bata naman ay galing sa *St. Joseph Orphanage*.

Nang una pa lang ay wala nang tiwala si Aina sa bagong foster parents niya. Kinabukasan lang ay naramdaman niya ang kalupitan ni Maricar.

Sa dalawang buwan na nasa pangangalaga sila ng mag-asawang Maricar at Diego, lahat sila ay di lang minsan nakatikim ng pananakit at verbal abuse mula sa mag-asawa. Maricar was the

meanest. Kahit katiting na pagkakamali ay may kapalit na parusa mula rito. At sa malas ay si Tori ang madalas nitong pagbuntunan. She was the least capable of defending herself. Sa awa ni Aina sa bata, siya na ang sumasambot ng parusa para rito.

“P-papaluin na naman niya a-ako,” sabi ni Tori, sabay hikbi.

Pinipilit nitong huwag bumunghalit ng iyak dahil ayaw na ayaw ni Maricar ng maingay.

Hinaplos niya ang mahabang buhok nito. “Huwag kang mag-alala. Hindi ako papayag na paluin ka niya,” alo niya.

Lalo lang lumakas ang hikbi nito. The little girl became more miserable. Ibig lang kasing sabihin ay si Aina na naman ang sasambot sa pambubugbog ni Maricar.

“Ano ba!” sigaw ni Maricar. Papasok na ito sa kusina. “Tumabi kayo kung ayaw n’yong masaknan.”

Tumayo si Aina nang lumitaw ang malupit na babae kasunod ang dalawang kambal. The twins exchanged looks—one pinched his nose while the other twitched an eye. Aina repressed a groan.

It was their secret code for mischief, a way to spite Maricar. Langgam sa underwear, patay na daga sa loob ng closet, isang dosenang ipis sa ibabaw ng kama...

Ano naman kaya ang kalokohang iniisip ng

dalawang ito ngayon?

The rascals never seemed to get tired of being thrashed. The more frequent Maricar abused them, the bolder their mischiefs grew.

Maricar halted in front of her. Awtomatikong nagtago sa likod niya si Tori. Napansin iyon ng babae.

“Ano na naman ang ginawa mo, walanghiya kang bata ka?”

“Hindi niya sinasadyang mabasag ang plato,” sagot ng isa sa kambal. Aina glared at him.

Maricar growled. Lalo pang isiniksik ni Tori ang katawan sa likod niya.

“Napakatanga mo talagang bata ka! Balak mo bang ubusin ang lahat ng plato dito sa bahay?” Palinga-linga ito, naghahanap ng puwedeng ipampalo sa bata.

Mabuti na lang at maagap ang kambal na itago ang mop at ang walis tambo. Nakasandal ang isa sa counter kung saan naroon ang drawer ng mga sandok. Maricar would have to drag the boy away to open the drawer.

Aina whispered a little prayer for such loyal allies.

“Tumabi ka diyan! Ibigay mo sa akin ang bata!” utos ni Maricar.

Lalong tumindi ang galit nito dahil wala itong madampot na puwedeng ipanakit sa kanila.

She wouldn't dare use the knife or the pan. She wouldn't dare hurt them seriously. A serious injury will require a doctor and probably a hospital. Maraming magtatanong. May mga magdududa. Malalaman ng kinauukulan ang illegal na gawain ng mag-asawa.

It will ruin everything. Maricar wouldn't let it happen.

The thought comforted Aina a little. Kahit pa, hindi pa rin ibig sabihin na ligtas na sila sa pananakit.

"Ano ba, Aina? Gusto mo rin bang masaktan?"

Nag-isang linya ang bibig niya. "Hindi mo siya sasaktan!" She glared at Maricar, her eyes narrowed in defiance. Sandaling natigilan ang babae. And then she growled again, her outrage evident in the dark scowl and the thinning of her lips. Namumula na rin ang buong mukha nito.

"Sa tingin mo, kaya mo na akong labanan?" the woman's threatening voice gave her the chills.

Napalunok si Aina. Alam niyang naubos na niya ang maikling pasensya ng babae.

Maliit si Maricar pero may katabaan. She doesn't hold back when she beats them.

Ilang segundo rin na nakipagsukatan siya ng titig dito. Fear crawled up her spine making every muscle tremble. She tried to control her shaking. But the sinister tilt of Maricar's lips told her she

knew how terrified she was.

Fortunately, she was saved by the bell.



Chapter Three



“Siya’yung babaeng kumausap sa akin noong isang araw. Bumalik siya.” Lahat sila ay napalingon kay Tori. Nakasilip sila sa bintana ng kuwartong inookupa nila. Nasa gilid iyon ngunit tanaw nila ang gate. Nang marinig ni Maricar ang doorbell ay mabilis nitong inayos ang sarili at lumabas matapos silang balaan na huwag lalabas ng bahay. Siyempre ay sinamantala nila iyon para magkulong sa kanilang kuwarto. Si Maricar ang tipo na hindi nakakalimot sa atraso. All they were given was a few minutes reprieve.

“Ate Aina, mukha siyang mabait. Bakit hindi tayo humingi ng tulong sa kanya?” inosenteng tanong ni Tori. Tumango ang kambal bilang pagsang-ayon.

“Tori, hindi natin siya kilala. Paano kung katulad din siya ni Maricar?”

Umiling ang bata. “Hindi! Mabait siya.”

“Pero—”

“Ayoko na dito!” Nagsimula na namang manginig ang mga labi nito. “Ayokong paluin ka naman niya dahil sa akin.”

Naintindihan ni Aina ang bata. Wala namang isa sa kanila na gustong tumigil sa pamamahay

na iyon. It wasn't a choice given to them. They were only orphans, unwanted children. Madalas sabihin sa kanila ng mga social workers na dapat silang magpasalamat sa mga taong nag-aalok sa kanila ng bubong na masisilungan. Little did the social workers know that most of the time, it was literally the only thing offered to them. It wasn't a consolation at all.

Inobserbahan niya ang babae. Mukhang nakikipagtalo ito kay Maricar. Maybe Tori was right. Maybe the woman could help them.

“Paano tayo hihingi ng tulong? Hindi tayo makalabas ng bahay. At saka...” Nangunot ang noo ni Aina nang may mapansin. “Jerry, nasaan ang kapatid mo?”

Nagkibit lang ng balikat ang bata. “Lumabas.”

Tumaas ang isang kilay niya. “Lumabas?”

The boy grinned at her sheepishly and seemed to have taken interest at the number of nails hammered at the ceiling.

Napaungol si Aina. Ayaw na muna niyang isipin kung paano at bakit lumabas ang kakambal ni Jerry. Nang muli siyang sumilip sa bintana ay nakita niyang paalis na ang babae. Sinundan niya ito ng tingin hanggang maaabot niya. Hindi man lang ito lumingon sa pinanggalingan. Ang katiting na pag-asang nabuhay sa kanyang puso ay parang isang nakasinding kandila na hinipan ng kung sino.

Malungkot siyang bumuntong-hininga.



Nagpupuyos ang kalooban ni Dottie habang naglalakad palayo sa bahay. Sa inis ay muntik na niyang mayupi ang aluminum tray na bitbit. Sayang naman ang spaghetti na pinaghirapan niyang lutuin.

She meant to give it as a bribe. But the obnoxious woman refused her again.

“Tong mukhang ’to, hindi mapagkakatiwalaan? Ang kapal ng *fez* niya!” litanya niya sa sarili habang naglalakad. “Hmph! Maghintay lang kayo. Bilang na ang maliligayang araw n’yo.”

Nang nagdaang araw ay naipadala na niya sa *DSWD* ang mga pictures na nakuha niya sa factory. Anumang oras ay may darating sa bahay ng mag-asawa para mag-imbestiga. And then the children would all be saved. They would probably be transferred to another foster home. She could only hope they would end up in a loving one.

Lumipas ang maghapon na hindi na niya tinangkang balikan ang bahay ng mga Reynaldo. Bahagya nang gumanda ang mood niya nang makatanggap ng sulat mula sa isa sa mga private schools na in-apply-an niya. Naka-schedule si Dottie for an interview sa makalawa. Nakatulog siyang puno ng pag-asa. Everything was finally going the way she hoped. Sinasagot na ng Diyos ang lahat

ng panalangin niya. Tiwala siyang kinabukasan ay maililigtas na niya ang mga bata.

It seemed she didn't have to wait until morning.

GINISING ng sirena ng mga fire trucks ang dalaga. Bumalikwas siya ng bangon at sumilip sa bintana. Nakita niya ang makapal na usok di-kalayuan mula sa bahay niya. Napansin din niyang halos nasa labas na ang lahat ng kanyang kapitbahay.

Pahangos siyang bumaba at lumabas.

"Ate Carol," tawag niya sa nakatira sa katapat niyang apartment. "Saan ang sunog?"

"D'un sa kabilang kanto. 'Yung bahay ng mga Reynaldo."

"Ha? Ang mga bata? Ano'ng nangyari sa mga bata?" Hindi na siya pinansin nito.

Tinakbo niya ang lugar ng sunog. Mabuti na lang at mukhang under control na iyon dahil maliit na ang apoy. Mabuti rin at walang ibang bahay na nadamay.

Dottie searched around the chaos. Nakita niya si Maricar na nakabantay sa ilang appliances na nailigtas. May kausap ito sa cellphone. Wala sa tabi nito ang batang nakita niya sa bakuran.

God, please let them be safe, tahimik na usal niya.

Nanatili pa siya roon nang may kalahating oras hanggang sa tuluyang maapula ang sunog.

Maraming katulad niya na nakiusyoso lang. Still, there were no signs of the children.

Isang bumbero ang dumaan sa harapan niya. Hinila niya ang sleeve ng suot nitong uniporme.

“Sir, m-may namatay ho ba?”

Umiling ito. “Nakalabas naman lahat ng nakatira sa bahay. Pero hindi pa rin namin matitiyak hangga’t hindi napapasok ang loob.”

Matapos magpasalamat ay nagpasya siyang umuwi na. Mukhang wala rin siyang mapapala. Bukas na lang uli siya magtatanong. Kung nakalabas ang lahat, ibig lang sabihin ay ligtas ang mga bata. Baka nasa isang sulok lamang ang mga ito at binabantayan ng ilang kapitbahay.

Matapos masigurong naka-lock nang muli ang pinto ng kanyang apartment ay pinatay na niya ang ilaw sa sala. Paakyat na siya ng hagdanan nang marinig ang katok sa kusina.

Natigilan siya at naghintay nang ilang minuto. Ayun na naman.

Nagdalawang-isip si Dottie na buksan ang pinto sa kusina. Hindi siya naniniwala sa multo pero nang oras na iyon, nanayong lahat ng balahibo niya sa katawan. Sino naman kasi ang makakapasok sa maliit na espasyo sa likod-bahay samantalang lagpas-taong pader na semento ang nakabakod doon? Kung magnanakaw naman, bakit kakatok? Bagong modus operandi na ba iyon ngayon?

Still, she couldn't ignore the knock. Idinikit niya ang tainga sa saradong pinto.

“Wala yatang tao. Sigurado ka ba?”

Nangunot ang kanyang noo. Tinig iyon ng isang bata... isang batang lalaki.

“Sigurado ako. Saka bukas ang ilaw kanina, di ba?” sagot ng isa pang tinig.

“Kumatok ka kaya uli?”

“Inaantok na ako!”

What the hell?

She yanked the door open, only to gasp out loud. Hindi alam ni Dottie kung sino ang higit na nagulat—siya o ang apat na batang nakatayo sa harapan niya.

